Tagalog

# Divine Helps for Mortality

By President Dallin H. Oaks
*First Counselor in the First Presidency*

# Mga Banal na Tulong para sa Mortalidad

Ni Pangulong Dallin H. Oaks
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

April 2025 general conference

*Our Heavenly Father's plan provides helps to guide us through our mortal journeys.*

*Ang plano ng ating Ama sa Langit ay nagbibigay ng tulong na gagabay sa atin sa buong panahon ng ating mortal na paglalakbay.*

## I.

Through the Prophet Joseph Smith, the Lord revealed a few things about our pre-earth life. There we existed as spirit children of God. Because God desired to help His children progress, He decided to create an earth on which we could receive a body, learn through experience, develop divine attributes, and be proven to see if we would keep God's commandments.Those who qualified would "have glory added upon their heads for ever and ever" (Abraham 3:26).

To establish the conditions of this divine plan, God chose His Only Begotten Son to be our Savior. Lucifer, whose suggested alternative would destroy the agency of man, became Satan and was "cast down."Banished to the earth and denied the privilege of mortal life, Satan was permitted to attempt "to deceive and to blind men, and to lead them captive at his will, even as many as would not hearken unto [God's] voice" (Moses 4:4).

Essential to God's great plan for the mortal growth of His children was for them to experience "opposition in all things" (2 Nephi 2:11). Just as our physical muscles cannot be developed or maintained without straining against the law

## I.

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, ilang bagay ang inihayag ng Panginoon tungkol sa ating buhay bago pa tayo isinilang sa lupa. Doon, nabuhay na tayo bilang mga espiritung anak ng Diyos.Dahil nais tulungan ng Diyos ang Kanyang mga anak na umunlad, nagpasiya Siyang lumikha ng isang mundo kung saan maaari tayong tumanggap ng katawan, matuto sa pamamagitan ng karanasan, magkaroon ng mga banal na katangian, at subukan kung susundin natin ang mga kautusan ng Diyos.Sila na mga kwalipikado ay "magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan" (Abraham 3:26).

Upang maitakda ang mga kondisyon ng banal na planong ito, pinili ng Diyos ang Kanyang Bugtong na Anak na maging Tagapagligtas natin. Si Lucifer, na nagmungkahi ng alternatibong sisira sa kalayaan ng tao ay naging Satanas at "pinalayas."Itinaboy sa lupa at pinagkaitan ng mga pribilehiyo sa mortal na buhay na ito, pinahintulutan si Satanas na subukang "linlangin at bulagin ang mga tao, at akayin silang bihag sa kanyang kagustuhan, maging kasindami ng hindi makikinig sa tinig ng [Diyos]" (Moises 4:4).

Mahalaga sa dakilang plano ng Diyos para sa mortal na pag-unlad ng Kanyang mga anak ang makaranas sila ng "pagsalungat sa lahat ng bagay" (2 Nephi 2:11). Kung paanong ang ating pisikal na kalamnan ay hindi maaaring luma-

of gravity, so mortal growth requires us to strain against Satan's temptations and other mortal opposition. Most important for spiritual growth is the requirement to choose between good and evil.Those who choose good would progress toward their eternal destiny. Those who choose evil—as all would do in the various temptations of mortality—would need saving help, which a loving God designed to provide.

ki o mapanatili nang hindi lumalaban sa batas ng gravity, gayundin sa mortal na pag-unlad ay kailangang paglabanan natin ang mga tukso ni Satanas at iba pang pagsalungat sa buhay na ito. Ang pinakamahalaga para sa espirituwal na pag-unlad ay ang kinakailangang pagpili sa pagitan ng mabuti at masama.Sila na mga pumipili ng mabuti ay uunlad tungo sa kanilang walang-hanggang tadhana. Sila na mga pumili ng masama—na gagawin ng lahat ng tao sa gitna ng iba't ibang tukso na mayroon sa mortalidad—ay mangangailangan ng tulong para maligtas, na ilalaan ng mapagmahal na Diyos.

II.

By far, God's strongest mortal help was His provision of a Savior, Jesus Christ, who would suffer to pay the price and provide forgiveness for repented sins. That merciful and glorious Atonement explains why faith in the Lord Jesus Christ is the first principle of the gospel. His Atonement "bringeth to pass the resurrection of the dead" (Alma 42:23), and it "atone[s] for the sins of the world" (Alma 34:8), erasing all of our repented sins and giving our Savior power to succor us in our mortal infirmities.

Beyond that glorious erasing of sins committed and being forgiven, the plan of a loving Father in Heaven provides many other gifts to protect us, including protecting us from sinning in the first place. Our mortal life alwaysbeginswith a father and a mother. Ideally, both are present, with different gifts to guide our growth. If not, their absence is part of the opposition we must overcome.

II.

Kung tutuusin, ang pinakamalakas na tulong ng Diyos sa buhay na ito ay ang Kanyang paglalaan ng Tagapagligtas, na si Jesucristo, na siyang magdurusa para magbayad-sala at magpatawad sa mga kasalanang pinagsisihan. Ipinaliliwanag ng Pagbabayad-sala, na puspos ng awa at kaluwalhatian, kung bakit ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo ang unang alituntunin ng ebanghelyo. Ang Kanyang Pagbabayad-sala ay "nagdala upang mapangyari ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay" (Alma 42:23), at ito ay "[nagbabayad-sala] para sa mga kasalanan ng sanlibutan" (Alma 34:8), binubura ang lahat ng ating pinagsisihang kasalanan at binibigyan ng kapangyarihan ang ating Tagapagligtas na tulungan tayo sa ating mga kahinaan sa buhay na ito.

Bukod sa maluwalhating pagbura ng mga kasalanang nagawa at pagpapatawad, ang plano ng isang mapagmahal na Ama sa Langit ay naglalaan ng marami pang mga kaloob upang protektahan tayo, pati na ang pagprotekta sa atin mula sa paggawa ng kasalanan sa simula pa lang. Ang ating mortal na buhay ay lagingnagsisimulakasama ang isang ama at ina. Ideyal na pareho silang nariyan, na may iba't ibang kaloob para gumabay sa ating paglaki. Kung wala sila, ito ay bahagi ng pagsalungat na dapat nating pagtagumpayan.

III.

Our Heavenly Father's plan provides other helps to guide us through our mortal journeys. I will speak of four of these. Please don't hold me to my number offour, because these helps are overlapping. Moreover, there are other merciful protections in addition to these.

III.

Ang plano ng ating Ama sa Langit ay nagbibigay ng iba pang tulong na gagabay sa atin sa buong panahon ng ating mortal na paglalakbay. Ilalahad ko ang apat sa mga ito. Ang mababanggit ko ay maaaring hindi lamangapat, dahil magkakatuwang ang mga tulong na ito. At gayundin, may iba pang mga karagdagang proteksyon na

First, I speak of the Light or Spirit of Christ. In his great teaching in the book of Moroni, Moroni quotes his father that "the Spirit of Christ is given to every man, that he may know good from evil" (Moroni 7:16). We read this same teaching in modern revelations:

"And the Spirit giveth light to every man that cometh into the world; and the Spirit enlighteneth every man through the world, that hearkeneth to the voice of the Spirit" (Doctrine and Covenants 84:46).

Again: "For my Spirit is sent forth into the world to enlighten the humble and contrite, and to the condemnation of the ungodly" (Doctrine and Covenants 136:33).

President Joseph Fielding Smith explained these scriptures: "The Lord has not left men (when they are born into this world) helpless, groping to find the light and truth, but every man … is born with the right to receive the guidance, the instruction, the counsel of the Spirit of Christ, or Light of Truth."

Thesecondof the great assistances provided by the Lord to help us choose what is right is a cluster of divine directions in the scriptures as part of the plan of salvation (plan of happiness). These directions are commandments, ordinances, and covenants.

Commandmentsdefine the path our Heavenly Father has marked out for us to progress toward eternal life. People who imagine commandments as the way God decides who to punish fail to understand this purpose of God's loving plan of happiness. On that path, we can gradually achieve the needed relationship with our Savior and qualify for an increase of His power to help us on our way to the destination He desires for all of us. Our Heavenly Father desires all of His children to return to the celestial kingdom, where God and our Savior reside, and to have the kind of life of those who reside in that celestial glory.

puno ng awa bukod sa mga ito.

Una, ibabahagi ko ang tungkol sa Liwanag o Espiritu ni Cristo. Sa kanyang dakilang turo sa aklat ni Moroni, binanggit ni Moroni ang sinabi ng kanyang ama na "ang Espiritu ni Cristo ay ipinagkakaloob sa bawat tao, upang malaman niya ang mabuti sa masama" (Moroni 7:16). Mababasa natin ang parehong turo sa mga makabagong paghahayag:

"At ang Espiritu ay nagbibigay ng liwanag sa bawat tao na dumarating sa daigdig; at ang Espiritu ay nagbibigay-liwanag sa bawat tao sa pamamagitan ng daigdig, na nakikinig sa tinig ng Espiritu" (Doktrina at mga Tipan 84:46).

Muli: "Sapagkat ang aking Espiritu ay isinugo sa daigdig upang bigyang-liwanag ang mga mapagpakumbaba at nagsisisi, at para sa kaparusahan ng mga di maka-diyos" (Doktrina at mga Tipan 136:33).

Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang mga banal na kasulatang ito: "Hindi iniiwan ng Panginoon ang mga tao (kapag sila ay isinisilang sa mundong ito) na mahihina, na nangangapa sa paghanap ng liwanag at katotohanan, bagkus, ang bawat tao … ay isinisilang na may karapatang tumanggap ng patnubay, ng tagubilin, ng payo ng Espiritu ni Cristo o Liwanag ng Katotohanan."

Angpangalawasa mga dakilang tulong na ibinigay ng Panginoon para tulungan tayong pumili ng tama ay isang grupo ng banal na tagubilin sa mga banal na kasulatan bilang bahagi ng plano ng kaligtasan (plano ng kaligayahan). Ang mga tagubiling ito ay mga kautusan, ordenansa, at tipan.

Ang mga kautusanang tumutukoy sa landas na minarkahan ng ating Ama sa Langit para sa atin upang umunlad tayo tungo sa buhay na walang-hanggan. Ang mga taong tinitingnan ang mga kautusan bilang paraan ng pagpapasiya ng Diyos kung sino ang parurusahan ay hindi nauunawaan ang layuning ito ng plano ng kaligayahan ng Diyos na mapagmahal. Sa landas na iyon, maaari nating unti-unting makuha ang kinakailangang kaugnayan sa ating Tagapagligtas at nagiging karapat-dapat sa karagdagang kapangyarihan Niya na tutulong sa atin sa landas na tatahakin natin tungo sa lugar na nais Niyang marating nating lahat. Nais ng ating Ama sa Langit na makabalik ang lahat ng Kanyang mga anak sa kahariang selestiyal, kung saan naninirahan ang Diyos at ang ating Tagapagligtas, at matama-

Ordinancesandcovenantsare part of the law that defines the path to eternal life. Ordinances, and the sacred covenants we make with God through them, are required steps and essential guardrails along that path. I like to think of the role of covenants as demonstrating that under God's plan, His highest blessings are given to those who promise in advance to keep certain commandments and who keep those promises.

Other God-given helps for making right choices are themanifestationsof the Holy Ghost. The Holy Ghost is the third member of the Godhead. His function, defined in scripture, is to testify of the Father and the Son, to teach us, to bring all things to our remembrance, and to guide us into all truth.The scriptures include many descriptions of the manifestations of the Holy Ghost, such as a spiritual witness in response to an inquiry about the truth of the Book of Mormon.A manifestation is not to be confused with the gift of the Holy Ghost, which is conferred following baptism.

One of the most significant of God's helps for His faithful children is the gift of the Holy Ghost. The importance of this gift is evident in the fact that it is formally conferred after repentance and baptism by water, "and then [the scriptures explain] cometh a remission of your sins by fire and by the Holy Ghost" (2 Nephi 31:17). Persons who have this remission of sins—and then regularly renew their cleansing by daily repentance and living according to the covenants they make through the ordinance of the sacrament—qualify for the promise that the Holy Ghost, the Spirit of the Lord, "may always … be with them" (Doctrine and Covenants 20:77).

Thus, President Joseph F. Smith taught that the Holy Ghost will "enlighten the minds of the people with regard to the things of God, to convince them at the time of their conversion of their having done the will of the Father, and to

sa ang uri ng buhay ng mga nilalang na naninirahan sa selestiyal na kaluwalhatiang iyon.

Ang mga ordenansaattipanay bahagi ng batas na tumutukoy sa landas tungo sa buhay na walang-hanggan. Ang mga ordenansa, at ang mga sagradong tipan na ginagawa natin sa Diyos sa pamamagitan ng mga ito, ay mga kinakailangang hakbang at mahahalagang gabay sa landas na iyon. Gusto kong isipin ang ginagampanang papel ng mga tipan bilang pagpapakita na sa ilalim ng plano ng Diyos, ang Kanyang pinakamataas na pagpapala ay ibinibigay sa mga taong nangangako nang maaga na may mga kautusan silang susundin at tinutupad ang mga pangakong iyon.

Isa sa mga tulong na bigay ng Diyos para makagawa tayo ng tamang pagpili ay ang mgapaghahayagng Espiritu Santo. Ang Espiritu Santo ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos. Ang tungkulin Niya, na nakasaad sa banal na kasulatan, ay magpatotoo sa Ama at sa Anak, turuan tayo, ipaalala sa atin ang lahat ng bagay, at patnubayan tayo sa lahat ng katotohanan. Maraming paglalarawan sa mga paghahayag ng Espiritu Santo ang napapaloob sa mga banal na kasulatan, tulad ng isang espirituwal na patotoo na tugon sa pagtatanong tungkol sa katotohanan ng Aklat ni Mormon.Ang paghahayag na ito ay hindi dapat pagkamalang kaloob na Espiritu Santo, na iginagawad kasunod ng binyag.

Isa sa pinakamahalagang tulong ng Diyos sa Kanyang matatapat na anak ang kaloob na Espiritu Santo. Makikita ang kahalagahan ng kaloob na ito sa katotohanan na pormal itong iginagawad kasunod ng pagsisisi at binyag sa pamamagitan ng tubig, "at pagkatapos [paliwanag ng mga banal na kasulatan] darating ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan" (2 Nephi 31:17). Ang mga taong nakatatanggap ng ganitong kapatawaran ng mga kasalanan—at pagkatapos ay regular na nagpapanibago ng kanilang pagkakalinis sa pamamagitan ng araw-araw na pagsisisi at pamumuhay sa tipan na kanilang ginagawa sa pamamagitan ng ordenansa ng sakramento—ay karapat-dapat sa pangako na ang Espiritu Santo, ang Espiritu ng Panginoon, ay "sa tuwina … makasama nila" (Doktrina at mga Tipan 20:77).

Itinuro nga ni Pangulong Joseph F. Smith na gagawin ng Espiritu Santo na "liwanagin ang mga isipan ng mga tao hinggil sa mga bagay ng Diyos, hikayatin sila kasabay ng kanilang pagbabalik-loob na gawin nila ang kalooban ng Ama, at

be in them an abiding testimony as a companion through life, acting as the sure and safe guide into all truth and filling them day by day with joy and gladness, with a disposition to do good to all men, to suffer wrong rather than to do wrong, to be kind and merciful, long suffering and charitable. All who possess this inestimable gift, this pearl of great price, have a continual thirst after righteousness. Without the aid of the Holy Spirit," President Smith concluded, "no mortal can walk in the straight and narrow way."

mapasasakanila ang isang palaging patotoo na makakasama sa buong buhay, kumikilos bilang tiyak at mapagkakatiwalaang tagapatnubay sa lahat ng katotohanan at pinupuspos sila sa araw-araw ng kagalakan at kaligayahan, na may pagpapasiyang gagawa nang mabuti sa lahat ng tao, na dadanas ng kamalian ng iba kaysa makagawa ng mali, maging mabait at maawain, mapagtiis at may pag-ibig sa kapwa. Ang lahat na nagtataglay ng di-matatayang kaloob na ito, ang mahalagang perlas na ito, ay may patuloy na pagkauhaw sa katuwiran. Kung walang tulong ng Banal na Espiritu," pagtatapos ni Pangulong Smith, "walang mortal ang makalalakad sa makipot at makitid na daan."

## IV.

With so many powerful helps to guide us in our mortal journeys, it is disappointing that so many remain unprepared for their appointed meeting with our Savior and Redeemer, Jesus Christ. His parable of the ten virgins, spoken of so frequently in this conference, suggests that of those invited to meet Him, only half will be prepared.

We all know examples of the unprepared: returned missionaries who have interrupted their spiritual growth by periods of inactivity, youth who have jeopardized their spiritual growth by separating themselves from Church teaching and activities, men who have postponed their ordination to the Melchizedek Priesthood, men and women—sometimes the posterity of noble pioneers or worthy parents—who have departed the covenant path short of making and keeping covenants in the holy temple.

Many of such deviations occur when members fail to follow the fundamental spiritual maintenance plan of personal prayer, regular scripture study, and frequent repentance. In contrast, some neglect weekly renewal of covenants by not partaking of the sacrament. Some say the Church is not meeting their needs; those substitute what they perceive as their future needs ahead of what the Lord has provided in His many teachings and opportunities for our essential service to others.

## IV.

Sa napakaraming makapangyarihang tulong na gagabay sa atin sa ating mortal na paglalakbay, nakalulungkot na napakarami ang nananatiling hindi handa para sa kanilang itinakdang pakikipagkita sa ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo. Ang Kanyang talinghaga tungkol sa sampung dalaga, na madalas mabanggit sa kumperensyang ito, ay nagpapahiwatig na sa mga inanyayahan na salubungin Siya, kalahati lamang ang magiging handa.

Alam nating lahat ang mga halimbawa ng mga hindi handa: mga returned missionary na pumigil sa kanilang espirituwal na pag-unlad dahil sa mga panahong hindi aktibo, mga kabataang naglagay sa panganib ng kanilang espirituwal na pag-unlad dahil sa paghiwalay ng kanilang mga sarili sa mga turo at mga aktibidad sa Simbahan, mga lalaking ipinagpaliban ang kanilang ordinasyon sa Melchizedek Priesthood, kalalakihan at kababaihan—na kung minsan ay mga inapo pa ng mararangal na pioneer o karapat-dapat na mga magulang—na umalis sa landas ng tipan na hindi gumagawa at tumutupad ng mga tipan sa banal na templo.

Marami sa gayong mga paglihis ang nangyayari kapag hindi sinusunod ng mga miyembro ang pangunahing espirituwal na plano na panatilihin ang personal na panalangin, regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at madalas na pagsisisi. Sa kabaligtaran, napapabayaan ng ilan ang linggu-linggong pagpapanibago ng mga tipan sa pamamagitan ng hindi pagbahagi ng sakramento. Sinasabi ng ilan na hindi natutugunan ng Simbahan ang kanilang mga pangangailangan; pinapalitan ang inaakala nilang mga

Humility and trust in the Lord are the remedies for such deviations. As the Book of Mormon teaches, the Lord "doth bless and prosper those who put their trust in him" (Helaman 12:1). Trusting in the Lord is a particular need for all who wrongly measure the commandments of God and the teachings of His prophets against the latest findings and wisdom of man.

I have spoken of the many mortal helps our loving Father in Heaven has given to help His children return to Him. Our part in this divine plan is to trust in God and seek and use these divine helps, most notably the Atonement of His Beloved Son, our Savior and Redeemer, Jesus Christ. I pray that we will teach and live these principles, in the name of Jesus Christ, amen.

pangangailangan nila sa hinaharap sa mga bagay na inilaan ng Panginoon sa Kanyang maraming turo at oportunidad para sa mahahalagang paglilingkod natin sa iba.

Ang pagpapakumbaba at pagtitiwala sa Panginoon ang mga lunas sa gayong mga paglihis. Tulad ng itinuturo sa Aklat ni Mormon, ang Panginoon ay "pinagpapala at pinananagana ang mga yaong nagtitiwala sa kanya" (Helaman 12:1). Ang pagtitiwala sa Panginoon ay isang partikular na pangangailangan ng lahat ng maling sumusukat sa mga kautusan ng Diyos at sa mga turo ng Kanyang mga propeta laban sa pinakabagong mga tuklas at karunungan ng tao.

Maraming mortal na tulong ang nabanggit ko na ibinibigay ng ating mapagmahal na Ama sa Langit para tulungan ang Kanyang mga anak na makabalik sa Kanya. Ang papel natin sa banal na planong ito ay magtiwala sa Diyos at hangarin at gamitin ang mga banal na tulong na ito, lalung-lalo na ang Pagbabayad-sala ng Kanyang Pinakamamahal na Anak, ang ating Tagapagligtas at Manunubos na si Jesucristo. Dalangin ko na nawa'y ituro at ipamuhay natin ang mga alituntuning ito, sa pangalan ni Jesucristo, amen.